**MGA DAGLI SA PANAHON NG PANDEMYA**

*ni Mark Anthony S. Salvador*

***DYIP***

Kanina pa nakatitig si Nila sa kisame ng dyip na hindi rin naman niya nakikita dahil sa kapal ng dilim. Ramdam niya ang pagod. Pero hindi siya makatulog. Hindi maalis sa isip niya ang sinabi kahapon ng nag-abot ng dalawang daang piso.

Magdadalawang-buwan na ang *lockdown*. At dalawang linggo na silang mag-anak na nakatira sa dyip. Pinalayas sila ni Aling Ruth dahil dalawang buwan na ang utang nila sa renta. Marso at Abril. Wala silang maibayad dahil kalagitnaan ng Marso nang magsimula ang lockdown, at hindi na nakapamasada si Nato, mister niya. Wala na ring nagbibigay sa kanya ng palaba mula nang magka-*covid*.

Narinig niya sa radyo, bawal magpalayas at maningil ng renta ngayong may pandemya. Kaya nang bumalik si Aling Ruth, matapos ang isang linggong palugit, iyon ang sinabi niya.

“Bawal pong magpaalis ngayon, sabi sa balita,” sabi ni Nila.

“Ipapatanggal ko ‘yang bubong pag di kayo umalis! Wala na kaming makain! Ang balita ba’ng magbibigay ng pangkain namin?”

Nakiusap si Nato kay Mang Miguel, may ari ng dyip na ibino-*boundary* nila. Pinayagan naman silang doon muna tumira. Tuwing gabi, sa sahig nakapuwesto si Nila at si Jojo, ang bunso nila, grade 2. Nasa magkabilang mahabang upuan si Janice, grade 4, at si Kokoy, grade 5. Namamaluktot sa ulunan ni Kokoy si Nato. Nagtambak sa unahang bahagi ng mahabang upuan ang mangilan-ngilan nilang damit. Nasa upuan sa harap ang mga plato, baso at mga panluto. Ang iba nilang gamit ay ipinakilagak muna sa kanilang mga kapitbahay.

Nang nakaraang linggo, umulan. Hindi sila magkamayaw sa pagkakabit ng trapal ng dyip. Mabuti at nakaluto na sila at naipasok na nila ang lutuan nila.

Kahapon, umalis ulit si Nato para maghanap ng mauutangan at malilipatan. Nagpunta si Janice at Kokoy sa kalapit na highway dala ang karatulang may nakasulat na *Pahingi po ng tulong. Wala na po kaming makain. Pinalayas po kami sa tinitirhan namin*. Nasa dyip naman siya at si Jojo. Nagsaing siya at naggisa ng sardinas na may repolyo, at maghapong naghintay sa ayuda ng SAP (*Social Amelioration Program*).

Sa tagal ng *lockdown*, ni minsan, hindi pa sila nakatanggap ng ayuda sa SAP. Isang beses lang din silang nakatanggap ng ayuda mula sa munisipyo, na ang laman lang ay limang delata at dalawang kilong bigas.

Alas-kuwatro, nang dumating ang dalawang bata, lumapit agad sa kanya si Kokoy pagkasampa sa dyip.

“Ma, may tatlong nagbigay. Mga nakakotse. ‘Yung isa, ‘tong beynte. ‘Yung isa, ‘tong singkuwenta. ‘Yong isa, ‘tong two hundred.”

Noon lang naranasan ni Nila na manghingi ng pera. Oo, nangungutang sila. Pero ang limang araw na nilang ginagawa ay hindi pangungutang. Hindi lang niya masabi sa sarili, pero pamamalimos iyon. At mas masakit sa kanyang makitang namamalimos ang mga anak niya. Nang unang dalawang araw nga, siya ang nagpupunta sa *highway*. Hiyang-hiya siya sa sarili niya na ipasa sa mga bata ang panghihingi ng tulong. Kung hindi lang kailangan na naroon siya sa dyip dahil baka dumating ang ayuda ng SAP.

Bumangon si Nila. Lumabas siya at umupo sa bumper ng dyip. Flat na ang gulong ng dalawang gulong ng dyip. Natanong nga niya isang gabi ang sarili niya. Kasimbigat ba ng bagahe nito ang bagahe nila?

Tumingin siya sa langit. Hindi kita ang buwan. Naisip niya ulit ang ikinuwento ni Kokoy. Iniisa-isa ng panganay niya ang mga detalye. Kung anong kulay ang kotse. Kung anong oras dumaan.

"Sabi Mama nu'ng isa nang iabot 'yung two hundred, 'O, nasa'n ang mga magulang n'yo? Sabihin n'yo, magsikap sa buhay, a. Para di kayo nahihirapan nang ganyan.'"

***ONLINE CLASS***

**14 March at 1:05 pm:** *#SuspendOnlineClasses*

**15 March at 10:11 am:** Huy, CLCB! Nagbabayad kami ng pagkalaki-laking *tuition for hands-on* hindi for *online classes*. *#SuspendOnlineClasses*

**16 March at 3:15 pm:** Pahirap talaga 'tong *online classes*. Huy, CLCB, hindi *stable* ang *net* namin. *#SuspendOnlineClasses*

**19 March at 4:45 pm:** *It's 4 am*. Makakatulog na rin *after* makapag-*send* ng 2 *requirements*. Umakyat pa akong bubong dahil sa tumal ng *net*. *#SuspendOnlineClasses*

**23 March at 2:15 pm:** *It's hypocrisy*, CLCB. *Compassion* ang *core value* ninyo pero pahirap sa mga *student* ang *online class*. Panay ang sabi naming *#SuspendOnlineClasses #EndtheSem #MassPromotionNow* pero wala lang sa inyo.

**25 March at 11:04 pm:** Aakyat na naman ako sa bubong namin para magpasa ng *requirement*. Kinakabahan na akong mag-aakyat dito lalo't madilim.

**27 March at 9:06 pm:** Ilang gabi na akong umaakyat dito sa bubong namin. Ngayon ko lang ulit natingnan ang buwan. Ang ganda. Sana ganyan na lang katahimik ang *condition* natin *right now* 'no?

**2 April at 4:05 am:** Yung mga kaklase ko, lumalabas pa ng *bahay just to submit their requirements*. May nagba-*bike* pa para makigamit ng *computer* ng pinsan nya. Natatakot daw sya pag nasisita ng pulis dahil nga may mga binugbog na dahil sa paglabag sa ecq. Yung isa naman, namumulubi na raw siya sa laki ng nagagastos sa *data*.

**3 April at 2:38 pm:** Hoy, *millennials!* Anong *fallacy* 'yan na sabihing angal kami nang angal sa *online class* pero nagtiti-*tiktok* naman kami? Ang *Tik-tok* po ay *therapeutic* at hindi naman ginagawa nang matagal. *Less than 15 minutes*, tapos na 'yon. Pahinga ng *student*. *Coping mechanism*. *Unlike* itong *online classes* na *heavy workload* at nakaka-*drain* ng utak.

**9 April 4 at 2:45 pm:** Wala kaming natututunan dito sa *online class*. Panay bato lang ng *information* ang *teachers*. *Information overload*. Hindi rin naipapaliwanag nang mabuti. Binabasa lang ang PPT.

**12 April at 3:20 pm:** Sa wakas, makakapag-*lunch* na. Salamat sa CLCB sa pahirap na *online class*.

**15 April at 4:44 pm:** Nag-*mass promotion* na ang ibang school. Habol naman tayo, CLCB.

**21 April at 10:14 am:** Itong *pandemic crisis* ay hindi lang nagpapakita kung sino ang walang kuwentang *government officials,* kundi pati kung aling *school* ang *business* lang. Ayaw mag-*mass promotion* para walang *tuition refund*. Galing.

**24 April at 5:52 pm:** Ini-*stalk* ko ang *Twitter account* ng dalawa kong teacher. Hirap din daw sila sa *online classes*. Di naman daw sila *skilled to conduct* an *online class* at *additional baggage* pa raw *in this crisis*.

**25 April at 4:50 pm:** Yung classmate ko, di nagpapasa ng *requirement*. Namatay raw sa *covid* ang *uncle* nya. Nagkaka-*anxiety attack* na raw siya dahil sa nangyayari. Magbubukas pa lang daw ng *laptop,* kinakabahan na sya. Wala na raw syang pake kung bumagsak sya. Naiiyak ako. *#SuspendOnlineClasses #NoStudentLeftBehind*

**27 April at 1:08 am:** Pagod na pagod na ako. *Physically* at *emotionally*.

**2 May at 4:09 am**: *Please pray for my son,* Randy. Nahulog siya mula sa bubong namin kagabi *with his laptop*. *He's now in ICU.*

***SINGAW***

Nagmumog si Tristan ng maligamgam na tubig na may asin. Mahapdi. Napapangiwi siya.

Tatlong araw na siyang may malaking singaw sa ilalim ng dila. Masakit. Kahit tuwing iinom lang siya ng tubig o kape, ramdam niya ang hapdi. Lalo na tuwing kumakain siya o nagsesepilyo. Bago ito, humigit-kumulang tatlong linggo siyang may maliliit na singaw sa iba't ibang bahagi ng bibig. Dalawa o tatlong singaw. Sabay-sabay. Nawawalan siya ng ganang kumain.

Inalam niya sa *internet* ang posibleng sanhi ng singaw. *Mouth Sores: Symptoms, Treatment, and Prevention Methods.* Sa dami ng binanggit na sanhi, isang sanhi lang ang palagay niyang lapat sa kalagayan niya. *Stress can cause several factors that impact oral health.*

Sumingaw ang *stress* niya nang magsimula ang *lockdown*. Dumarami ang nagpopositibo sa *covid-19*. Dumarami ang namamatay. Pero wala pa ring *mass testing*. Namimili sa *mobile* palengke kada ikalawang araw si Emily, misis niya, at natatakot siya na baka mahawa ito kung kanino. Natatakot siya na mahawa si Kyle, solong anak nila, limang taong gulang. At nang unang linggo ng Abril, nang mag-iisang buwan na ang *lockdown,* tinubuan siya ng mga singaw.

Kasunod ng pagtubo ng *stress* at singaw, tinubuan si Tristan ng inis. Sa balita, ang linaw ng sinasabi ng mga eksperto. Balewala ang *lockdown* kung walang *mass testing*. Pero walang ginagawa ang gobyerno.

Walang pakealam sa politika si Tristan. Malimit nga niyang sabihin tuwing napag-uusapan ang politika, "*Neutral* ako, *no comment*." Ayaw niyang ma-stress sa politika. Ang nasa isip niya, aasikasuhin na lang niya ang buhay nila kaysa punahin ang gobyerno. Pero ngayong puwede siyang mahawa, silang mag-anak, ngayong puwedeng matapos ang lahat-lahat sa kanila dahil sa kapabayaan ng gobyerno, sumisingaw sa kanya ang inis, lumalaki, nagiging galit. Ano pa ang silbi ng inaayos niyang buhay kung mamamatay rin sila sa *covid*?

Habang tumatagal, lumalala ang kalagayan ng mga Pilipino. Sa *news feed*, nadaraanan ni Tristan ang mga balita. May mga umiiyak. May mga namamalimos na dahil sa kawalan ng ayuda. May mga binugbog ng pulis dahil napilitang lumabas dala ng kawalang-makain. May binaril na at namatay.

Naghahalo na kay Tristan ang galit, lungkot, at takot. Nag-*deactivate* siya sa *Facebook*. Dumami ang mga singaw niya. Mas malalaki. Nahirapan na rin siyang makatulog.

Nang magbalik siya sa *Facebook*, *mass testing* pa rin ang panawagan ng mga tao at kawalan ng ayuda. Pero may bago. Ang pagpapalaya sa mga illegal na inaresto ng PNP at NBI. Marami sa mga ito ay dahil sa pagpuna sa kapabayaan ng gobyerno. Kinabahan si Tristan. Gigil na gigil pa naman siyang magpaskil sa Facebook. Isang beses nga, nag-type na siya sa status—*Tangna mo Duterte. Inefficient. Billions ang hawak mo pero wala pa ring mass testing kahit nagkakamatayan na ang mga tao.*—hindi lang niya ipinaskil.

Ikatlong araw na ngayon ng *general community quarantine*. Miyerkules, *June* 3. Noong Lunes, bumalik na sa trabaho ang karamihan. Si Tristan ay sa susunod na Lunes pa. At iniisip pa lang niyang papasok na siya sa trabaho, tumitindi na ang kaba niya at inis. Wala pang 1% ang na-*test*. Hindi niya alam kung sino sa mga makakasalubong niya ang positibo *sa covid-19*. At ang matindi pa, hindi raw iti-test ng gobyerno ang mga tao. Wala raw *mass testing*. Sagutin na raw iyon ng mga *private company*. Bakit *private company*, sa isip-isip niya, sila ba ang may hawak sa 600 *billion*? At papaano kung ayaw silang ipa-*test* ng kumpanya? Kung hindi naman siya papasok, hindi nga siya tatanggalin, pero saan naman sila kukuha ng kakainin? Hindi na siya nakapagpigil, nag-*status* siya.

*Useless ang 2 months na lockdown. Is it possible na wag nalang magbayad ng buwis? Wala kang kuwenta, Duterte. Dapat kang patalsikin.*

“O, wala ka pa ring gana?” sabi ni Emily habang naghahapunan sila.

Kahapon, sa salamin, napansin niyang ang laki ng ipinayat niya.

“Grabe naman ‘yang singaw na ‘yan.”

“Oo nga,” sagot ni Tristan. “Ganito pala’ng pakiramdam.” Pero hindi ang singaw sa bibig ang tinutukoy niya.

***MAGNANAKAW***

Palagay ni Victor, mag-iisang oras na siya sa banyo. Pero gusto pa rin niyang magbabad kahit nahilod na niya ang mga libag sa kasingit-singitan ng kanyang katawan. Hindi mahilud-hilod sa kanyang isip ang panglaw ng mga mata ni Ate Agnes.

Pauwi na si Victor matapos bumili ng *dog food* nang madaanan niyang nagkukumpulan ang nasa limang tao sa harap ng *Emerald’s Grocery Store*. Nakiusyoso siya. Nakapaskil sa dingding ng tindahan ang retrato ni Ate Agnes. Bahagya itong nakatungo. Nakaasul na kamiseta. Bagsak ang mga balikat.

Huwag akong tularan, magnanakaw ako.—Agnes Asuncion, nakasulat sa hawak nitong karatula. May caption sa itaas ng retrato. Kukunan ng retrato ang mga *shoplifter*. Ipadadampot sa mga tanod.

“May *covid* na, nakuha pang magnakaw,” sabi ng isa sa mga nakatingin sa retrato.

Labandera ni Victor si Ate Agnes. Ate ang tawag niya rito dahil akala niya ay pagkalaki ng tanda sa kanya. Nasa tatlong buwan na itong naglalabada sa kanya nang malaman niyang tatlong taon lang pala ang pagitan nila. Bale trenta y singko pa lang ito. Nagmukha lang marahil matanda dahil sa hirap ng buhay, pagpapalagay ni Victor. Tatlo na ang anak nito. Ang isa ay pitong buwan pa lamang.

Magtatatlong buwan nang hindi nagpapalaba si Victor kay Ate Agnes dahil sa takot niya sa *covid-19*. *Work from home* naman siya kaya siya na lang ang naglalaba ng kanyang mga damit.

Tatlong linggo na ang nakararaan nang magpunta sa kanya si Ate Agnes. Nagpipilit. Baka raw puwedeng bigyan siya ng labada. Hindi rin daw kasi siya binibigyan ng iba. Wala na raw silang makain dahil wala naman silang natatanggap na ayuda. Wala na rin daw panggatas ang bunso niya. Wala namang pasok ang mister niya dahil nagsara ang *junk shop* na pinapasukan nito.

"Sige naman na." Bahagyang basag ang boses ni Ate Agnes.

"Pasens'ya na, 'Te," sabi ni Victor. "Hindi talaga, e."

Napatungo si Ate Agnes. Nakaramdam ng kung anong kurot sa loob si Victor. Kumuha siya ng limang daang piso. Iniabot iyon kay Ate Agnes. Umaliwalas ang mukha nito.

"'Wag mo na 'tong bayaran, 'Te."

Abut-abot ang pasasalamat ni Ate Agnes.

Iniisip ni Victor, nagmakaawa kaya si Ate Agnes kay Esme, ang may ari ng *grocery store*, para hindi siya ipadampot sa mga tanod? Parang naririnig niya ang palahaw nang iyak ng bunso nito dahil sa gutom. Parang nakikita niya ang mga anak nitong nag-aagawan sa huling sandok ng kanin.

Pagkalabas ng banyo, pagkabihis, nagbukas ng TV si Victor. Inabutan niya ang pahayag ni *Presidential Spokesperson* Harry Roque. Ang pinagkukunan na lang daw ng pondo para sa *covid-19* ay ang pondong mula sa BIR. Kaya raw gagawa ng paraan para makalikom pa ng buwis.

Hindi nagkaroon ng *mass testing* at kulang-kulang ang ayuda. Pero wala na ang lampas 600 bilyong pondo.